F.G.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAAN BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 13

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN ANG KAHILINGAN NG MAMAMAYAN NG UPPER PRINZA, POBLACION HINGGIL SA PAGSASAGAWA NG ISANG TULAY NA KAHOY SA NASABING LUGAR.

---

SAPAGKAT, ang paglalagay ng isang tulay na kahoy sa Upper Prinza Barangay Poblacion ay lubhang kailangan upang mapangalagaan ang kaligtasan ng mga naninirahan doon, lalung-lalo na ang mga bata;

SAPAGKAT, ang nasabing tulay na kahoy ay kailangan maisagawa na upang hindi maabutan ng tag-ulan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay naglalaan ng halagang tatlong libo limang daan pitumpu't siyam at apatnapung sentimos (₱3,579.40) na manggagaling sa kaban ng bayan upang mailagay ang nasabing tulay na kahoy.

PINAGTITIBAY ang kapasiyahang ito, ngayong ika-11 ng Abril,1988 ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa,Kalakhang Maynila nitong ika-siyam ng pangkaraniwang pulong.

Atty. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Atty. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. REY R. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B.CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROMAN F. NIEFES
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. CARLO TENSUAN
Konsehal